



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 2


Enero 21, 2007

www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Labanan at biguin ang Oplan Bantay Laya II

**I**nilunsad ng pasistang rehimen Arroyo sa bungad ng taong ito ang Oplan Bantay Laya (OBL) II matapos mabigo ang naka-raang limang-taong planong pang-operasyon (op-plan) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na wasakin ang armadong kilusan at di armadong mga paglaban ng bayan.



Ang hakbanging ito'y palatandaan ng pagkukumahog ni Arroyo sa harap ng lalong pagkakahiwalay niya sa mamamayan at desperasyong kumapit sa powder. Ang OBL II ay pagpapatuloy at pagpapatindi pa ng OBL I. Bagaman mas maikli, mas matayog ang pangarap ng OBL II.

Layunin nitong bawasan nang kalahati ang pwersa ng Bagong Hukbong Bayaan bago magtagpos ang 2010 at sa gayo'y kamtin umano ang estratehikong tagumpay laban sa armadong rebolusyon.

Sa ilalim ng OBL II, pag-iibayuhin ang sini-mulang todong pananalakay sa ilang piling laranang gerilya ng BHB, pasidhiin ang pagha-hasik ng terorismo laban sa rebolusyonaryong masa at

paiigtingin ang kampanyang pama-maslang at panunupil sa mga aktibista at progresibong organisasyon at partidong ligal.

Sa harap ng pinag-iibayo nitong pasistang pananalasa ng kaway, binalangkas ng Partido bilang sentral na tungkulin ng buong rebolusyonaryong kilusan sa taktikal na panahong ito ang pagpapaigting sa pakikidigmang gerilya, ang pagbabagsak sa papet at pasistang rehimene at higit pang pagpalawak at pagpapalakas sa armadong rebolusyon.

Ang pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya ang pinakamahalagang kagyat na tungkulin sa paglaban at pagbigo sa pasistang terorismo at pananalakay ng papet at pasistang rehimene. Ang mga tagumpay dito ang magpapatampok sa magiging kabiguan ng OBL II. Nakasalalay nang malaki rito ang higit pang pagpapalakas ng mga pwersang gerilya at baseng masa. Kritikal na rekisito rin ito para sa pagpapaigting ng iba't ibang tipo ng mga pakikibakang bayan tungo sa pagbabagsak ng kinimumuhing naghaharing rehimene.

**Mga tampok sa isyung ito...**

Militarisasyon sa Metro Manila, pinatitindi

PAHINA 4

Mga aksyong militar ng BHB sa Northern Samar

PAHINA 7

"Bagong plano" ni Bush sa Iraq

PAHINA 10

Kailangang bigwasan natin ang pasistang kaaway nang mas madas at mas matindi kaysa sa maaaring mga tama nito sa hukbong bayan. Kailangang buuin ang mas marami pang lakas-kumpanyang laranang gerilya at mas marami pang panlabang platan ng BHB. Hindi lamang dapat maging mas lagap ang pakikidigmang gerilya. Sa bawat rehiyon, prubinsya at laranang, kailangan ding gawing mas madalas ang mga taktikal na opensiba, laluna sa mga lugar na malaki at malakas ang mga rebolusyonaryong pwersa.

Dapat tiyaking matinding mabigwasan ang kaaway sa mismong mga lugar na kinokonsentrahan ni-to ng pananalakay at paghahasik ng pasistang terorismo. Dapat mapagkumbinasyon ang maraming suntok sa katawan at ilang bigwas sa ulo.

Sa harap ng lalong pag-igting ng krisis at mga labanan sa pulitika sa 2007, may partikular na kahalagan ang pagtagumpay ng mga piling taktikal na opensibang may malakas na bira sa ulo ng kinamumuhiang rehimene.


Dapat pag-ukulan ng dagdag na pansiñ at pagsisikap ang mga tak-

tikal na opensibang may malaking epekto sa pulitika. Dapat ding masapol na ang bawat taktikal na opensiba at labanan ay may karugtong na labanan sa propaganda.

Sa dami, dalas at pagging laganap ng mga taktikal na opensiba ng BHB, maaagaw at mapananatili ng BHB ang ini-siyatiba sa digmaan. Sa iba't ibang antas at saklaw, gugluhin, hahadlangan at aalis-an nito ng pangil kundi man mapipigil ang mga pananalakay at pakana ng kaaway.

**SA KABILA** ng todong panggegera at pasistang bangis ng kaaway, may mga kongkreto pinagbabawayan ang Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan para buong katiyakang maideklarang mabibigo ang OBL II at malalantad ito na pa-wang kahambungan.

Pangangarap nang gising ang pangangalandakan ng AFP na sa pagpapakapal ng konsentrasyon ng kanilang pwersa ay kaya na nilang madurog sa taong ito ang 24 sa



mahigit 100 larangang gerilya ng rebolusyonaryong kilusan sa buong kapuluan. Manipis at banat ang latag ng kaaway. Mas malaking pwersa ng AFP ang nakatali sa iba't ibang gawaing di pangkombat tulad ng pagtatao sa mga himpilan, pagbibigay ng seguridad sa Malakanyang at mga naghaharing pulitiko at pag-gugwardya sa mga estratehikong instalasyon at susing empresa.

Halos sang-

katlo lamang ng 120,000 regular na pwersa nito ang naipapakat sa larangan ng labanan at malaking bahagi pa nito ay nakatutok sa Moro Islamic Liberation Front at Abu Sayyaf. Kaya mga 30,000 troopa lamang ang maaari nitong ikonsentra laban sa BHB sa isang panahon. Ang inaasahan nilang makapagdaragdag sa pwersang ito ay ang halos 30,000 ding mga pwersang paramilitar at ang pulisia na kamakailan ay pinalaki ang papel sa mga operasyong militar laban sa BHB. Bukod pa rito ang hinihingking dagdag na 10 batalyon ng mga pwersang regular at tatlong batalyon ililipat mula Mindanao.

Mula't sapul ay nakakaya din lamang ng AFP na konsentrahan ang di lalampas sa 12-15 larangang gerilya sa isang panahon, subalit kahit ang mga ito'y hindi nito kinyang durugin. Sampa hanggang 12% lamang ito ng 120 larangang gerilya na sumasaklaw sa libu-libong baryo sa buong bansa. Bawas pang lalo ngayon ang mga barangay na kaya nitong tutukan sa kanyunun dahil naglalaan na rin ang AFP ng malaki-laking pwersa sa paglulunsad ng mga operasyong

# ANG Bayan

Taon XXXVIII Blg. 2 Enero 21, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:


[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

|  |    |
|--|----|
| <b>Editoryal: Labanan at biguin ang Oplan Bantay Laya II</b> | 1  |
| Terorismong militar sa Metro Manila                          | 4  |
| Mga anti-Arroyo upisyal, sinibak                             | 5  |
| Panawagang kontra-party list, binatikos                      | 5  |
| Promosyon ng mga tauhan ni "Garsi"                           | 5  |
| Pangingkil sa IMPSA  | 6  |
| Mga aksyon militar ng BHB sa Samar                           | 7  |
| <b>Panalanta ng estado</b>                                   |    |
| Pamamaslang at militarisasyon sa Northern Samar              | 8  |
| Baes, syentista ng mamamayan                                 | 9  |
| <b>Sa ibayong dagat</b>                                      |    |
| "Bagong plano" ni Bush sa Iraq                               | 10 |
| <b>Balita</b>  |    |



militar sa mga sentrong bayan at syudad, pati na sa Kamaynilaan. Pangunahin nilang tinututukan ang mga komunidad ng mga manggawa at maralitang-lunsod na balwarte ng demokratikong kilusang magsa.

Naipakita sa mahabang karanasan na kahit sa mga larangang gerilyang pinupuruhan ng pasistang bangis ng kaaway, di lamang napepreserba ng BHB ang mga pwersa nito. Mapanlikhang nagagawa pa rin ng hukbong bayan na magpatuloy sa isang antas ng pagkilos at bumira pa rin sa kaaway kahit sa mga lugar kung saan makapal ang pwersa ng AFP.

Nakapagpapalawak, nakapagpapalakas at nakapagpupursige pa ito sa mga gawain. Sa tulong ng mamamayan at gamit ang mga taktikang gerilya, nakapaglulunsad pa dito ang BHB ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway.

Magkagipitan man sa kinokonsentrahan ng AFP na 10% ng mga larangang gerilya, napakadali para sa BHB na lumipat at bumwelo sa gawain sa nalalabing humigit-kumulang 90% ng territoryo nito kung saan napakanipis at napakahina ang mga pwersa ng kaaway.

Bukod sa pagkabanat ng pwersa

nito, mas malaki pang problema ng AFP ang malawak na demoralisasyon at disintegrasyon ng pwersa nito, laluna sa hanay ng mga nakababatang upisyal at karaniwang sundalo. Saksi sila sa kabulukan ng matataas na upisyal ng gubyerno at militar. Dahil sa pulitika, kurakot at mga gawaing kriminal, batbat ng paksunalismo at ribalan ang hanay ng mga heneral at matataas na upisyal ng militar. Inuudyok rin nito ang pag-usborg ng mga pwersang rebolde sa kanilang hanay.

HABANG pukpukang nakikipaglaban, dapat magpunyagi sa pagpapalawak at pagpapatatag ng pwersa, baseng masa at mga larangang gerilya. Napakalaki ng puwang para sa BHB na mag-organisa ng mamamayan, magrekrut ng dagdag na mga Pulang mandirigma, magtayo ng mga lokal na organo ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampolitika, tugunan ang mga pangangailangan ng masa at maglunsad ng mga taktikal na opensiba para sumamsam ng armas at pahinain ang kaaway.

Kaakibat ng pagpapaigting ng armadong pakikibaka ang pagpapalawak at pagpapasigla ng mga pakikibaka at kampanyang masang antipyudal, antipasista at anti-imperialista. Importanteng pag-ukulan ng mas masusi pang atensyon ang pagsusulong ng mga kampanya sa ekonomya at produksyon, edukasyon at kultura, kalusugan at iba pang pang-araw-araw na problema ng masa.

Esensyal ang mga ito—laluna ang sa ekonomya at produksyon—sa pagmamantini ng pinakamahigpit na pagkakaisa at pamumuno sa masa, pagpapanatili sa mataas na palabang diwa at suporta nila sa armadong rebolusyon at pagpaunlad ng kakayahan ng hukbo na

magsarili, magsulong ng mga taktikal na opensiba at magpursigi kahit sa gitna ng pinakamatitinding pangungubkob ng kaaway.

Dapat magpursigi sa pagpapalawak at pagpapalakas ng pakikipagkaisa at pakikipagtulungan sa lahat ng pwersang progresibo, demokratiko at mapagaibigan habang ikinokonsentra ang pinakamalakas na bigwas sa papet at pasistang rehimeng Arroyo.

Tiyakin din ang mahigpit na ugnayan at tulungan sa pagitan ng mga kapitolyo at sentrong bayan na kanugnog o nakapalibot sa mga larangang gerilya. Mahalaga ito para sa paniktik, propaganda, ugnay sa panggitnang pwersa, mga rekuoso, komunikasyon, paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at paglaban sa pasismo at pananalakay ng kaaway.

Sa mga syudad at sentrong bayan, palawakin at palalimin pa ang rebolusyonaryong kilusang lihim at biguin ang pasistang pakanang pugutan ng ulo ang Partido at rebolusyonaryong kilusan.

WALANG ibang patutunguhan ang OBL II kundi ang kabiguan dahil pahina na nang pahina ang kakayahang pwersang militar ng rehimeng Arroyo na suhayang ang peke, sinungaling, bulok at mapaniil na papet na rehimen.

Napakalaking kahibangan para sa AFP at amo nitong si Gloria Arroyo na ideklarang kaya nilang durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng terorismong militar. Nagkakamali sila sa pag-aakalang mapaluluhod nila ang mamamayan sa harap ng pasista nilang pananakot. Ang totoo'y lalo lamang nilang inilalantad ang ubod ng pasista at bulok nilang katanian at lalo lamang nilang pinatitibay ang kapasyahan ng mamayang lumaban nang puspusan at tapusin na ang malupit nilang paghahari.

# Terorismong militar sa Metro Manila, pinatitindi

**P**atuloy ang pagpapatindi ng militarisasyon sa iba't ibang komunidad ng Metro Manila kung saan tahasan ang pagbabawal ng mga tropa ng AFP sa mga residente na sumuporta sa mga aktibidad ng mga militanteng partido. Pangunahing pakay ng gayong lantarang pananakot na limasan ng mga myembro at tagasuporta ang mga progresibong partido sa dating na eleksyon.

Sumusunod ang ilang matitingkad na kaso:

**Maynila.** Mula Disyembre 8, nagtalaga ang AFP ng mga yunit militar sa Sta. Mesa. Regular na pinapatrulya ng mga sundalo nito ang kahabaan ng riles mula Pandacan hanggang Sta. Mesa. Gabi-gabi, may isang iskwad ng mga sundalo na rumoronda sa isang barangay na malapit sa Polytechnic University of the Philippines (PUP). Lihim nilang kinakausap ang mga gwardya ng pamantasan para makapasok sa kampus at manmanan ang mga progresibong organisasyon ng mga estudyante roon. Sa isang pagkakataon, tinangka pa nilang pasukin ang upisina ng Gabriela Youth sa loob ng kampus.

Tatlumpo hanggang 40 sundalo naman ang ipinadala ng AFP sa Parola, Tondo noong Disyembre 15 at mananatili sila roon hanggang sa eleksyon. Hinalughog nila ang bahay at paulit-ulit na binantaan ang isang lider ng progresibong organisasyon dito. Marami pang ibang ulat ng mga kaso ng intimidasyon at pananakot.

Sa Baseco Compound sa Tondo, ginamit ng AFP ang mga sundalo at mga dating sundalo na naninirahan sa lugar upang mangalap ng importasyon hinggil sa mga progresibong organisasyon masa rito.

Sa Isla Puting Bato sa Tondo rin, isang iskwad ang ipinadala ng militar mula pa noong unang linggo ng Disyembre. Nagdudulot ng matinding ligalig ang kanilang presensya, lalo na sa mga residenteng nanggaling pa sa Samar na lumikas doon upang takasan ang matinding militarisasyon sa kanayunan.

**Caloocan City:** Isang batalyon ng militar ang kumikilos sa Tala, Camarin at Bagong Silang mula noong huling linggo ng Nobyembre. Pangunahing aktibidad nila ang pagbabahay-bahay at pagtatanong tungkol sa mga nakatayong progresibong organisasyon sa lokalidad at kung sinu-sino ang mga sumasama sa mga mobilisasyon.

Ilan sa mga lider at myembro ng lokal na organisasyon ng Gabriela ang pinuntahan sa kanilang mga bahay at tinangkang takutin. Nag-operasyon pinta at dikit din sila ng bahay na "OUST NPA-Gabriela".

**Quezon City:** Permanenteng pumakat sa Barangay Commonwealth mula noong Nobyembre 27 ang tinatayang tatlong iskwad ng militar. Target nila rito sa partikular ang mga lider at myembro ng Gabriela.

Sa Barangay Payatas, huling linggo ng Nobyembre nang magsumulang pumakat ang may 20 militar sa lugar. Paulit-ulit ang kanilang pagbabanta sa mga natukoy nilang lider at myembro ng mga progresibong organisasyon dito. May presensya rin ang militar sa mga barangay ng Lupang Pangako, Batasan at Krus na Ligas.

**Makati:** Maramihang nagparehistro noong Disyembre sa lokal na



upisina ng Comelec ang daan-dang mga sundalo sa tangkang paramihin ang mga boto para kay Arroyo at mga kakampi nito sa syudad. Kilala ang mga lokal na upisyal ng Makati, laluna ang meyor nitong si Jejomar Binay, bilang haligi ng kiuslang magpapatalsik kay Arroyo.

SA harap nito, aktibong kumikilos ang mamamayan upang palakasin ang kampanyang pagpapalaya sa mga militar sa mga maralitang komunidad sa Kamaynilaan. Isang halimbawa ang kampanyang inilunsad ng mga kabataan sa Lupang Pangako. Naglunsad ng pagkilos ang mga myembro ng Anakbayan noong Disyembre 10 bilang tugon sa di nararapat na presensya ng militar ditto. Nilibot nila ang buong komunidad sa kabilang panghaharang at pananakot ng mga sundalong naka-talaga roon. Hindi sila natakot kahit pa dalawa sa kanila ay ipinatawag ng mga militar, ibinimbin at kinunan ng pangalan, litrato at bidyo na parang kriminal. Katunayan, nagawa nilang palabasin ang dalawa sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga residente sa isang bahagi ng Lupang Pangako.

Tuluy-tuloy din silang nakikipagdayalogo sa mga upisyal ng barangay at *city hall* upang ipaabot ang kanilang mga hinaing.

AB

## Panawagan ng AFP laban sa mga grupong *party-list*, binatikos

Mariing binatikos ng Bayan Muna (BM) ang panawagan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga botante na huwag iboto ang mga partidong prente umano ng mga komunista. Ang panawagan, na inilabas ni Maj. Michael Samson ng AFP Civil Relations Group alinsunod sa gayon ding panawagan ni National Security Adviser Norberto Gonzales ay kinundena rin ng iba pang grupong *party-list*.

Bagamat walang pinangalanang mga partikular na partido si Samson, malinaw na ang kanyang tinutukoy ay ang mga militanteng partido tulad ng BM, Anakpawis, Anakbayan, Gabriela at Suara Bangsamoro na pawang ninais ipadeklarang iligal ni Gonzales noong eleksyon ng 2004. Hindi inaprubahan ng Comelec ang petisyon ni Gonzales.

Napilitan si AFP *chief of staff* Gen. Hermogenes Esperon na bawiin ang panawagan matapos magbanta ang BM na kasuhan ang AFP ng "electioneering" o pakikisangkot sa halalan, taliwas sa nyutral umano nitong katayuan.

## Mga tauhan ni "Garci," binigyan ng promosyon

Sa halip na imbestigahan at parusahan, binigyan ng promosyon ang di bababa sa pitong tauhan ng Comelec na pawang malapit kay Commissioner Virgilio Garcillano at sangkot sa iskandalong "Hello Garci". Ibig sabihî'y buung-buo pa rin ang makinarya sa pandaraya ng rehimeng Arroyo at tiyak na nakakasa para sa eleksyon sa Mayo.

Tumaas ang ranggo o kaya'y nalipat sa mas paborableng mga pusisyon sina Francisco Pobe (dating *provincial elections supervisor* [PES] ng Agusan del Sur at ngayo'y *assistant regional elections director* [RED] na ng buong Caraga); Henry Magbutay (dating RED ng Western Mindanao at ngayo'y RED na ng Northern Mindanao); Atty. Rey Sumalipao (dating PES ng Lanao del Sur at ngayo'y *assistant RED* ng Southern Mindanao at *acting RED* ng Autonomous Region in Muslim Mindanao); Renault "Boy" Macarambon (dating *vice chairman* ng *board of canvassers* sa Lanao del Sur at ngayo'y *division chief* ng Election and Barangay Affairs Department [EBAD] ng Comelec); Remlane Tambuang (dating PES ng Davao Oriental at ngayo'y RED ng Southern Mindanao); Atty. Cirilo Nala (dating PES ng Surigao del Sur at ngayo'y *acting RED* ng Caraga); at Rogelio Benjamin (dating pinuno ng *board of canvassers* sa Cebu at ngayo'y direktor ng EBAD).

## Mga lokal na anti-Arroyong upisyal, sinibak

Labintatlong lokal na upisyal ang pinatalsik ng Department of the Interior and Local Government (DILG) nitong Enero 15, bahagi ng garapalang pagmamanobra ng Malakanyang na higpitang hawak nito sa mga lokal na gubyerno para sa darating na eleksyon sa Mayo. Ang mga sinibak ay pawang mga myembro ng oposisyon anti-Arroyo.

Ang mga pinatalsik ay sina Mayor Wenceslao Trinidad ng Pasay City, ang kanyang bise alkalde at siyam na konsehal ng lunsod; si Niel Tupas Sr., gubernador ng Iloilo; at si Antonio Esquivel, meyor ng Jaen, Nueva Ecija. Pinakaprominenteng myembro ng oposisyon si Tupas, na pambansang upisyal ng anti-Arroyong paksyon ng Liberal Party na pinamumunuan ni Sen. Franklin Drilon.

Karakaraka ang pagsibak sa mga upisyal dahil ang mga kasu ng katiwalian umano na isinampa laban sa kanila ay nakasalang pa rin sa mga korte. Tanda ng pagiging doble-kara ng rehimeng Arroyo, hindi nito iniutos ang pagpapatalsik sa masugid nitong alyado na si Mayor Lito Atienza ng Maynila kahit may kinakaharap din siyang umaabot sa 17 kasu ng katiwalian.

Samantala, iniutos din ng DILG ang anim na buwang suspensyon ni Armand Sanchez, gubernador ng Batangas. Bagamat nasa kampong Arroyo si Sanchez, ang paglaglag sa kanya pabor sa bise gobernador ng prubbinsyang si Ricky Recto at kay Lipa Mayor Vilma Santos ay maniobra ng Malakanyang para makabig sa panig ng administrasyong Arroyo si Sen. Ralph Recto at maisama siya sa mga kandidato nito sa pagkasenador.

# Papel ni Gloria Arroyo, pilit na ikinukubli

**M**alinaw ang mga ebidensya ng pangingikil ni Hernando 'Nani' Perez ng \$2 milyon (₱100 milyon sa palitang ₱50:\$1) kapalit ng pagkakaapruba sa kontrobersyal na kontrata ng IMPSA (Industrias Metalurgicas Pescarmona Sociedad Anonima). Ang IMPSA, isang kumpanya sa Argentina, ay kinontrata para kumpunihin ang Caliraya-Botocan-Kalayaan (CBK) Power Complex sa Laguna sa halagang \$470 milyon.


Matagal nang iniimbestigahan ng gubyerno ng Switzerland ang malaking halagang idineposito ni Perez at ng asawa niyang si Rosario sa kanilang mga *bank account* doon. Mula pa 2003 nagpapatulong ang gubyernong Swiss sa gubyerno ng Pilipinas dahil sa suspetsa nilang *laundered money* (o perang ipinalit o ipinuhunan para madisimula ang iligal na pinanggalingan nito) ang nasabing halaga. Ngunit hindi ito tinugunan ng rehimeng Arroyo sa matagal na panahon. Sa halip, sumutsaring maniobra pa ang ginawa nito upang palabnawin, patulugin at lubusan nang patayin ang kaso.

Nagkukumahog lamang ito ngayong buhayin ang kaso dahil nakatakdang dumalo si Gloria Arroyo sa World Economic Forum sa Davos, Switzerland sa katapusan ng Enero. Tiyak siyang uusisain ng mga upisyal ng Switzerland ang kinahinatnan ng kaso. Gayunpaman, kasabay nito ay tinitiyak ni Arroyo na madaling malulusutan ni Perez at iba pa nilang mga kasabwat ang nakasampang kaso at maitatago ang mga ebidensya ng pakinabang nila sa kontrata.

**Ang kontrata.** Bago mapatalisik bilang presidente si Joseph Estrada, napirmahan na niya ang isang pansamantalang kontrata sa

pagitan ng kanyang rehimeng IMPSA para sa CBK. Hindi kabilang sa kontratang inapruba-han ni Estrada ang paggarantiya ng gubyerno sa mga uutangin ng IMPSA sa mga internasyunal na bangko. Ngunit bago pa man niya ito mapagtibay at makulekta ang kaakibat na "komisyon" para rito, naganap na ang pag-aalsa sa EDSA at napatalsik na siya. Habang abala ang sambayanang sa pagpatalisik kay Estrada, abala naman ang pangkating Arroyo sa pakikipagareglo sa IMPSA para sa kanila na mapupunta ang suhol. Di kataktaka na sa ika-18 araw ni Arroyo sa pwesto, inapruba-han niya ang paggarantiya sa mga utang ng IMPSA kapalit ang \$14 milyong (₱700 milyon) suhol. Wala pang isang linggo bilang kalihim ng Department of Justice noon si Perez.

**Ang bayaran.** Kinasangkapan ni Perez ang noo'y kroni ni Estrada na si Mark Jimenez para makuha ang kanyang parte sa bayad ng IMPSA. Para pumayag si Jimenez ay binantaan siyang ikukulong sa salang panunuhol dahil siya ang



nagsilbing tagapamagitan noon ni Estrada at ng IMPSA.

Kay Jimenez dumaloy ang \$2 milyong parte ni Perez. Umabot naman sa \$7 milyon ang bahagi ng mag-asawang Arroyo. Ang balanse ay pinaghati-hatian ng iba pa nilang mga kasabwat.

Ang suhol na \$1,999,965 na inilagak sa Trade and Commerce Bank sa Cayman Islands ay ipinadeposito kay Jimenez sa Coutts Bank sa Hongkong sa *account* ni Ernest Escaler, negosyanteng kaibigan ni Perez. Matapos ito ay nagbukas ng magkahiwatalay na bank *account* sa EFG Private Bank sa Geneva, Switzerland noong Marso 5, 2001 ang asawa ni Perez na si Rosario at kapatid nitong si Romeo Arceo. Mula sa kanyang *account* sa Hongkong ay inilipat naman ni Escaler ang kalakhan ng halaga sa mga bank *account* niya, ni Rosario Perez at ni Arceo sa

*Sundan sa "IMPSA...," pahina 7*



Switzerland kinabukasan.

Kay Jimenez din dumaloy ang suhol ng mag-asawang Arroyo at iba pa nilang mga kasabwat.

Unang nabunyag ang naganap na suhulan noong Nobyembre 2002. Agad na pinroseso ni Perez bilang kalihim ng DOJ ang ekstradisyon ni Jimenez patungong US para sa kasong kinakaharap nito doon upang mapigilan siyang magtestigo sa Ombudsman. Hindi nagtagal ay nagbitiw na rin sa DOJ si Perez sa tangkang iwasan ang mga akusasyon sa kanya.

**Pagpigel sa imbestigasyon at pagmamalinis ng Malakanyang.** Mula 2004, walang ginawa ang rehimeng Arroyo upang umusad ang kaso. Sa halip, iniutos pa nito sa Ombudsman na patayin na ang kaso laban kay Perez. Dahil dito, nagbitiw ang Ombudsman noon na si Simeon Marcelo.

Noong Nobyembre 2005, natapos ng Ombudsman Field Investigation Office ang pagsisiyasat nito at nagrekomendang imbestigahan at kasuhan ang mag-asawang Perez, si Arceo at si Escaler ng *conspiracy to commit graft and corruption* (pagkukutsabahan sa katiwalian at korapsyon). Hindi kasama sa inimbestigahan at kinasuhan ang mag-asawang Arroyo at iba pang nakibahagi sa suhol.

Napilitan lamang si Ombudsman Merceditas Gutierrez na magsampa ng kaso laban kay Perez nitong Enero 8 dahil sa nalalapit na pagbisita ni Arroyo sa Switzerland. Ngunit sa halip na *plunder* (pandarambong ng halagang ₱50 milyon o mahigit pa) at *money laundering*, pinagaang kaso ng ekstorsyon o pangingkil lamang ang isinampa ng Ombudsman kay Perez. Sa pamamagitan nito, inilibre rin sa kasong panunuhol si Jimenez.

AB

## Mga aksyong militar sa Northern Samar

**I**abing-isang elemento ng kaaway ang napatay at labing-isa rin ang nasugatan sa tatlong operasyong harasment ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) laban sa iba't ibang yunit militar sa Northern Samar noong Disyembre 2006. Ang naturang mga harasment ay isinagawa sa gitna ng matitinding pasistang operasyon ng AFP sa prubinsya. Walong militar din ang napatay at apat ang nasugatan nang maagaw ng mga Pulang mandirigma ang inisyatiba mula sa mga umatackeng tropa ng kaaway. Samantala, dalawang elementong kriminal ang napatay at tatlo ang nasugatan sa operasyon pagpaparusa na isinagawa ng mga Pulang mandirigma noong buwang iyon.

Sa Barangay Trujillo, Bobon, isang sundalo ang napatay at dalawang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang isnaypin ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng 20th IB noong Disyembre 11. Ipinatupad ang isnayping bilang tugon sa mahigpit na kahilingan ng masa na parusahan ang naturang yunit sa panggigipit nito sa mga taumbaryo. Pinagbabawalan ng 20th IB ang mga magsasaka na tumira sa kanilang bukirin. Pinipilit din silang magbigay ng materyales at magtambaho sa konstruksyon ng baraks ng mga sundalo.

Isa namang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan nang isnaypin ng BHB ang kampo ng 52nd IB sa Barangay San Pascual, Cataraman noong Disyembre 7.


Bago ito, dalawang elemento ng nag-ooperasyong 63rd IB ang napatay at apat ang nasugatan sa dalawang magkasunod na operasyong isnayping ng BHB sa pagitan ng Barangay Taylor at Victory sa Las Navas noong umaga at hapon ng Disyembre 1.

Sa Barangay Osmeña, Palapag, limang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan nang makapanlaban ang isang nadepensibang yunit ng BHB noong Disyembre 11. Isang Pulang mandirigma ang naglay ng buhay.

Sa hiwalay na pangyayari, dalawang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang makaengkwento ng walong mandirigma ng BHB ang pinagsanib na mga tropa ng 20th IB at "B" CAA Cadre Coy ng 52nd IB sa Barangay Guba, Bobon noong Disyembre 11. Nakaatras nang walaang kaswalti ang BHB.

Samantala, dalawang elemento ng "Dose Pares" ang napatay at tatlo ang nasugatan nang salakayin sila ng BHB sa Barangay Kabungan, Silvino Lobos noong Disyembre. Ang Dose Pares ay kriminal na sindikatong binuo at inaarmasan ng militar.

AB





# Pang-aabusong militar sa Northern Samar

**L**aganap ang pang-aabusong militar sa kanayunan ng Northern Samar, ayon sa pinakahuling mga ulat mula sa prubinsya.

**Disyembre 11.** Ibinilad sa araw at hinayaang mamatay ng mga sundalo ang *hors de combat* na si Zacarias Nobis, kalihim ng lalangang gerilyang sumasaklaw sa Barangay Bagacay, Palapag, Northern Samar. Inatake sa puso si Nobis at sakay siya ng isang bangka kasama ng mga di armadong sibilyang maghahatid sana sa kanya sa ospital nang paputukan sila ng mga nag-ooperasyong sundalo. Nang maiwan sa bangka ang nakaratay na kasama, pinabayaan siya ng mga sundalong mabilad sa init ng araw hanggang sa mamatay siya. Matapos ito ay ipinagmalaki ng kaaway na namatay umano si Nobis nang salakayin nila ang isang kampo ng BHB sa lugar.

**Disyembre 8.** Pinagbubugbog ng mga nag-ooperasyong elemento ng 63rd IB si Domingo Quimbo, 37, isang magsasaka at barangay tanod sa San Francisco, Las Navas. Pinagdiskitahan siya nang depensahan niya ang kanyang hipag na pinabuhutan din ng kamay ng mga militar dahil sa bag na dala-dala nito. Pilit pinabubuksan ng mga sundalo ang bag para masuksukan ng papel na gawa-gawang ebidensya dahil sa paratang ng mga tropa na myembro ng BHB si Quimbo at ang kanyang hipag. Natigil lamang ang pambubugbog nang lumapit ang mga taumbaryo at upisyal ng barangay para sabihin na hindi

gerilya ng BHB si Quimbo.


**Disyembre 7.** Binugbog ng mga sundalo ng 20th IB ang tatlong magsasaka na inakusahan nilang myembro ng BHB.

Ang mga biktima ay sina Mano Felino Saludario, 45; Juvy Saludario, 25; at Morato Saludario, 35, pawang mga residente ng Barangay Mabini, Catarman. Papunta sila sa kanilang bu-

kirin sa Sityo Himaraganan, Barangay E. Duran, Bobon para magtrabaho nang masalubong nila ang mga nag-ooperasyong sundalo. Pinilit silang magsabi sa kinaroroonan ng kampo ng BHB at nang wala silang maibigay na impormasyon ay binugbog sila at binantangan papatayin kapag hindi nila nilisan ang kanilang barangay. Sa takot ng mga biktima ay nagbakwit sila patungo sa sentro ng Catarman kung saan iniulat nila sa mga tagapagtuguyod ng karapatang-tao ang pagpapahirap na kanilang dinanas.

**Disyembre 2.** Tinortyur ng mga sundalo sina Jesie Gudiaga at Juvy Cavides, parehong taga-Barangay Rizal, Las Navas, bandang alas-9 ng umaga. Papunta sila sa kanilang bukirin para magtanim ng palay nang masalubong nila ang mga sundalo. Pinaaamin silang mga myembro sila ng BHB at pinagtatanong kung saan daw nagkakampo ang BHB. Tinortyur sila nang walang mapiga sa kanilang impormasyon.

Pinakamalalang tortyur ang dinanas ni Gudiaga na nagtamo ng mga sugat at pasa sa mata, labi at dibdib. AB



## Upisyal ng COURAGE, pinaslang

**P**inaslang nitong Enero 19 ng dalawang elemento ng *death squad* si Jose Maria Cui, 53, profesor sa University of Eastern Philippines sa Catarman, Northern Samar at tagapangulo ng Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE) sa prubinsya. Pinasok ng dalawang berdugo ang klasrum kung saan nagbibigay ng eksamen si Cui sa kanyang mga estudyante at pinagbabaril ang biktima. Tumakas sila sakay ng isang motorsiklo. Si Cui ang dating tagapangulo ng Katungod-Sinirangan Bisaya sa Eastern Samar. Myembro rin siya ng Bayan Muna (BM). Siya ang ika-123 myembro ng BM at ika-820 aktibistang pinatay mula nang umupo si Gloria Arroyo noong Enero 2001. AB

# Rebolusyonaryo at syentista ng mamamayan

**N**agpupugay ang Partido Komunista ng Pilipinas at rebolusyonaryong kilusan kay Dr. Aloysius "Ochie" Baes na namatay sa sakit sa puso noong December 21, 2006. Hanggang sa huling hininga niya, nakita kay Kasamang Ochie ang pagiging matapat at mapagpunyaging komunista at syentista ng bayan. Isa siyang bayani ng rebolusyon at mamamayan Pilipino.

Mula nang mamulat at sumapi si Kasamang Ochie sa kilusan para sa pambansang pagpapalaya at demokrsya noong estudyante pa siya, inialay na niya ang buong buhay niya sa di makasariling paglibingkod sa mamamayan at rebolusyon. Bahagi niyon ang maha-halagang ambag niya sa pagsusulong ng syensa at proteksyon ng kalkasan sa interes ng mamamayan.

Nagtuturo siya ng Chemistry sa University of the Philippines-Los Baños noong ideklara ni Marcos ang batas militar. Nagbitiw siya sa unibersidad, sumapi sa hukbong bayan at nag-silbi bilang namumunong cadre ng Partido sa Timog Luzon. Ngunit di nagtagal ay nahuli siya at naku-long. Isa si Kasamang Ochie sa mga namuno sa mga bilanggong pulitikal sa Camp Crame at nanguna sa matatagumpay na pakikibaka para igit ang kanilang mga karapatan.

Sa pamamagitan ng sariling ambag na mga awit at tula ng pagtutol, pag-asa at pakikibaka at ng kanyang paghihikayat sa pagpapaunlad ng gawaing kultural ng mga bilanggong pulitikal, malaki ang naitulong niya sa pagtatransforma ng bilangguan bilang pandayan ng mga rebolusyonaryo at progresibong likhang kultural. Nakapagpalakas ang

mga likhang ito sa katatagan at diwang palaban ng mga bilanggong pulitikal at nagsilbing inspirasyon sa mga pakikibaka sa loob at labas ng bilangguan.

Pagkalaya sa kulungan, bumalik si Kasamang Ochie sa pagtuturo. Bilang guro, hinimok niya ang mga estudyante, kapwa guro at syentista na pag-libingkuran ang mamamayan at gamitin ang kanilang syentipikong kaalaman sa pagsusulong ng interes ng bayan.

Sa pagpapatuloy ng kanyang pag-aaral sa ibayong dagat para maging doktor ng syensa, hindi siya tumigil sa pagtataguyod ng pakikibaka at sa pangangalap ng suporta para sa pakikibaka sa Pilipinas.

Pagbalik niya sa bansa, naglaan siya ng malaking panahon para makapag-ambag sa pambansa-demokratikong pakikibaka, laluna sa laranangan ng syensa at teknolohiya. Kabilang siya sa mga nagtagtag ng AGHAM, isang organisasyon ng mga progresibong syentistang Pilipino, at iba pang progresibong organisasyon para sa makamamayaang syensa. Naging susi siya sa pagtutukoy ng limang pinakamahahalagang usaping dapat tutukan ng

mga syentistang Pilipino upang ang syensa at teknolohiya ay mapaglingkod sa bayan: pangangalaga sa kapaligiran; kasiguruan at pagsandig-sa-sarili sa pagkain; pampublikong yutilidad para sa mamamayan; pagpapaunlad ng syentipiko at makamasang kultura; at pagtatatag ng pambansang industriyalisasyon. Tinukoy din niya na ang mamamayan mismo ang prinsipal na tagapagtugon ng syensa at teknolohiya para sa kapakanan ng lahat.

Aktibo siyang lumahok sa mga pakikibaka ng mamamayan laban sa pagkakalason at pagkawasaki sa kalikasan at sa pinsala sa buhay at kalusugan ng mamamayan dahil sa kagagawan ng mga pinasarang base militar ng US sa Clark Air Base at Subic Naval Base; ng Marcopper Mining Corporation at Placer Dome Corporation sa Marinduque; ng Lafayette Mining Limited sa Rapu-Rapu, Albay; ng pagkakatapon ng krudong langis ng Petron sa Guimaras Strait; ng mga komersyal na pagtrotroso na nagdulot ng mga pagbaha at pagguho ng lupa sa Leyte, Aurora, Quezon at Albay; at marami pang iba. Tanda ng dedikasyon niya sa kapakanan at pakikibaka ng mamamayan, kahit sa huling mga araw niya ay tinatalakay pa niya ang mga problemang idinulot ng polusyon sa Rapu-rapu at kung ano pa ang mga dapat gawin tungkol dito.

Si Kasamang Ochie ay hindi makaliluman ng mamamayan kabaliklat niya sa pakikibaka. Marami at malalaki ang mga ipinaglaban at naiambag niya para sa pagkakamit ng bago at mas mahusay na mundo para sa mamamayan Pilipino at buong sangkatauhan. Patuloy siyang magsisilbing inspirasyon sa pakikibaka ng mamamayan.



Ang "bagong plano" ni Bush sa gera sa Iraq

## Pagdaragdag pa ng mga pwersang mapanakop

**N**itong nakaraang taon, malinaw ang panawagan ng buong mundo na wakasan na ang gera at pananakop ng US sa Iraq. Habang patuloy ang pananalanta sa Iraq, sa US ay malakas ang sigaw ng mamamayan na iuwi na ang mga tropang Amerikano sa lalong madaling panahon. Ngunit ang lahat ng ito'y binalewala George W. Bush, presidente ng US, sa kanyang "bagong plano". Nitong Enero 10, iniutos niya ang deployment sa Iraq ng karagdagang 21,500 tropa, paglalaan ng karagdagang \$6.8 bilyon para ri-to at pag-oobliga sa papet na rehimeng al-Maliki na magluwal din ng \$10 bilyon pandagdag dito.

Wala bang kahahantungan ang "bagong plano" ni Bush kundi ang pag-igting ng gera at paghahasik ng ibayong teror, kaguluhan at pagkawasaki sa Iraq. Lalo lamang lalalim ang pagkalubog ng US sa kumunoy sa Iraq at ibayong lalala ang pagkatalo nito sa gera.

Sa harap ng lumalaganap na batikos sa tuluy-tuloy na kabiguan at lumalaking kaswalti ng US sa Iraq, nangako si Bush noong nakaraang taon na magbabalangkas siya ng bagong plano. Sa desperasyong muling makuha ang suporta ng mama-mayang Amerikano, ipinahayag niyang siya'y handang makinig sa mga rekomendasyon maging ng mga pinunong labas sa kagawaran ng depensa at militar at grupong neokonserbatibo.

Pinakatampok sa mga ito ang mga rekomendasyong isinumite ng Iraq Study Group (ISG), isang komiteng binubuo ng mga personalidad mula sa Republican at Democratic Party—ang dalawang pangunahing partido pulitikal sa US.

Kabilang sa mga rekomendasyon ng ISG ang pag-aatras sa kakahan ng mga tropang Amerikano sa Iraq sa 2008 at pag-iiwan na lamang doon ng mga pwersang sasanib at magsasanay sa mga



pwersang Iraqi at tutulong sa pagpapatatag ng papet na rehimeng ISG na dapat na makipag-ayusan ang US sa Syria at Iran—na sumusuporta sa mga rebelde sa Iraq at ibinibilang ni Bush na kalaban ng US—upang makuha ang kanilang tulong sa pagpapatatag ng gubyerno sa Iraq. Ang mga rekomendasyong ito ng ISG ay nasa balangkas ng pagpapanatili ng kapangyarihan at interes ng US sa Iraq.


Taliwas sa payo ng marami sa kanyang kapartido at maging ng kanyang mga heneral, tinanggihan ni Bush ang mga rekomendasyon

ito, liban sa pangangailangan pangalakas umano ang papet na rehimeng ISG. Para sa kanya, hindi angkop ang mga rekomendasyong ito sa sitwasyong militar sa Iraq. Aniya, hahantong lamang sa pagsiklab ng mas malaking kaguluhan at mas malalim na pagkakahati-hati ng bansa kung hindi ganap na malulupig ng mga sundalong Amerikano ang mga armadong pwersang kontra-pananakop.

Kunwa'y umako siya ng pagkakamali sa estratehiya sa Iraq. Pero hindi nya inamin na sa saligan ay mali ang iligal, di makatwiran at imoral na pagsalakay at okupasyon ng US sa Iraq. Wala pa rin siyang tigil sa pagbibigay-katwiran sa ginawang paglapastangan sa pambansang soberanya ng Iraq at sa pang-aagaw ng yamang langis at malawakang pangwawasan at pandarahas sa mama-mayang Iraqi. Patuloy itong binibigyang-katwiran ni Bush bilang bahagi ng doktrinang "preemptive war" kahit pa ilang ulit nang napasinungalingang una niyang akusasyong nag-iingat si Saddam Hussein ng mga *weapons of mass destruction* o na may ugnay siya sa grupong al-Qaeda.

Ang ginawang "pag-amin" ni Bush ay nagsilbi lamang sa kanyang pangangatwiran na higit pang paigtingin ang agresyon ng US sa Iraq. Aniya, kulang pa ang mga tropang Amerikano roon at dapat noon pa dapat dinagdagan ang mga ito. Masyado rin umanong nalimitahan ang pagkilos ng mga tropang Amerikano kaya di nakayanang makonsolida ang mga "nalilinis" na lugar, laluna sa kabisera.

Alinsunod sa "bagong plano," 17,000 karagdagang tropang Ameri-



kano ang idedeploy sa Baghdad at paligid nito dahil naging target umano ito ng mahigit 80% ng mga atake ng mga Iraqi sa nakaraan. Konsentrahan ng US ang "Labanan para sa Baghdad" para maipakita sa mamamayang Amerikano at sa buong mundo na sa pagkontrol sa pambansang kabisera ay may pagasa pang magtagumpay ang gera ng US sa Iraq. Magdaragdag din ng 4,000 tropa sa prubinsya ng Anbar kung saan sinasabi ng US na malakas ang al-Qaeda.

Binabago rin ang dating paglilitmita sa pagkilos ng mga tropang Amerikano. Sa nakaraan, ang mga tropang Amerikano ay mas madalas na nagtatago sa kanilang mga ballot-sa-bakal na mga kampo at lumalabas lamang para maglunsad ng mga *clearing operation* (pagtataboy ng mga elementong kontra-US sa mga komunidad). Hindi sila nagsasagawa ng mga *holding operation* upang iwasan ang pagbababad ng kanilang mga pwersa sa labas ng kanilang mga kampo. Ang pagpatrulya at pagbabantay sa mga tsekpoyn ay isinasagawa ng mahinang papet na pwersang Iraqi. Kaya madaling nakababalik ang mga armadong mandirigmang Iraqi matapos ang mga *clearing operation*.

Sa "bagong plano," ipatutupad na sa Baghdad ang kabuuan ng estratehiyang "counter-insurgency" na "clear-hold-build" (paglilinispaghawak-pagtatataag). Ibig sabihin, kasama ng mga papet na armadong pwersa, mananatili ang mga tropang Amerikano sa mga ko-

munidad pagkatapos ng bawat *clearing operation*.

Brusko at brutal ang mga isinasagawang *clearing operation* na ito.

Ginagamit ng mga dayuhang tropang Amerikano ang lakas ng kani-lang mga armas upang pasunurin at supilin ang lokal na populasyon, lalupa't hindi nila alam ang lokal na lenggwah. Sa layuning higpit-an ang pagkontrol sa galaw ng mamamayan sa mga komunidad, lalo pa ngayong magiging malupit at pasista ang *holding operations* ng mga dayong pwersang Amerikano. Tulad ng sistemang "*hamlet*" na ipinatupad ng US noon sa Vietnam, hahatiin ang Baghdad sa 11 "sektor" kung saan mahigpit na ililimita at babantayan ang kilos ng mamamayan sa bawat "sektor." Pinalilimita rin ang pakikisalamuha ng mga tropang Amerikano sa mamamayan, laluna sa mga bata, upang maiwasan ang paninik tik ng mga rebelde. Ipatutupad ang sistemang ID para sa lahat at iuulat ang bawat paglabas at pagpasok ng sinuman sa mga "sektor."

Bukod sa magbubunga lamang ang mga ito ng ibayong galit ng mamamayan, lilikha rin ang mga ito ng napakaraming bulnerabilidad sa bahagi ng mga tropang Amerikano. Sa pagkokonsentra nila sa Baghdad at paglalantad ng sarili sa pagpatrulya at iba pang *holding operation*, higit na magiging bulne-rableng target na sila sa mga atake ng mga rebelde. Samantala, sa pagpapasa nila ng higit na responsibilidad sa papet na rehimeng at mga papet na militar at pulis sa pagkontrol sa malalawak na erya labas sa Baghdad at Anbar, higit na luluwag ang mga lugar na iyon sa pagkilos ng mga rebeldeng Iraqi.

Malaki ang inaasahan ng "bagong plano" sa kakayahang papet na rehimeng at mga papet na pwersang militar at pulis na makasabay at makipagtulungan sa mga pwersang Amerikano. Palalakihin ang sweldo ng mga lokal na pwersa para raw mabawasan ang korapsyon at sasanayin sila upang sa kaluan-ay masalo na nila ang mga tungkulin ng mga dayong pwersa. Pero malaki ang pagdududa kung magagawang epektibo nga ang mga papet na pwersang Iraqi. Sa nakaraan, laging naglalayas ang mga ito, dala-dala ang mga sweldo at kagamitang katatanggap lamang nila. Madalas ding ipinapasa nila ang mga kagamitan sa iba't ibang grupong rebelde.

Inutil at di maaasahan ng US ang papet na rehimeng al-Maliki. Umaasa lamang ito sa Medhi Army, ang pwersang milisyang pinamumuan ni Muqtada al-Sadr, na mas malaki at mas malakas kaysa sa papet na hukbo, nagsasarili at sumasalakay sa mga pwersang Amerikano, mga papet na tropa at mga kakumpitensy়an Sunni Arab.

Nananaginip nang gising si Bush sa pag-asang maisasalba pa ng US ang pananakop nito sa Iraq sa pamamagitan ng kanyang "bagong plano." Ipinagpataliban lamang nito ang tiyak na pagkabuwag ng anumang kontrol na mayroon ngayon ang US at ang papet nitong rehimeng sa bansa. Di maglalao'y tutungo ito sa ganap na pagguho ng kanilang paghahari sa Iraq.

Ngayon pa lamang, tunitindi na ang mga atake at karahasan sa Baghdad at nagbabadya ang pag-iibayo pa nito sa buong Iraq. Bagamat may girian sa pagitan ang mga grupong Shi-ite, Sunni Arab at Kurd, komun ang paglaban nila sa pananakop ng US sa kanilang bayan.

*Sundan sa "Iraq...," pahina 12*

## VFA, nagbibigay-pribilehiyo sa mga kriminal

NAGPETISYON sa Korte Suprema nitong Enero 19 ang anim na abugado sa pamumuno ni dating Sen. Jovito Salonga na ideklarang labag sa konstitusyon ang RP-US Visiting Forces Agreement (VFA) dahil sa paglikha nito ng "grupo ng mga kriminal na nagtatamasa ng mga pribilehiyo."

Ayon kina Salonga, nilalabag ng VFA ang probisyon sa konstitusyon nagsasaad na ang lahat ay dapat magtamasa ng pantay-pantay na proteksyon ng batas. Anila, ang pagpapahintulot sa US na hawakan ang mga nagkasalang sundalong Amerikano ay nangangahulugan na ang mga tropang Amerikano ay itinuturing na "uring nangingibaw sa lahat."

Bago ito, nagpetisyon din si "Nicole", ang Pilipinang ginahasa ni Lance Corporal Daniel Smith noong Nobyembre 2005, na ideklara ng Korte Suprema na iligal at labag sa konstitusyon ang probisyon ng VFA na nagsasaad na ang US ang siyang may karapatan sa kustodiya ng mga akusadong sundalong Amerikano hangga't nagpapatuloy ang prosesong hudisyal.

Ayon sa abugado ni Nicole na si Atty. Evalyn Ursua, ang terminong "lahat ng prosesong hudisyal" ay nangangahulugan ng lahat ng mga proseso mula sa paglilitis hanggang sa mahatulan ang akusado, ayon sa batas ng Pilipinas. Aniya, dahil nananatiling nagkasala o *guilty* ang istatus ng nahatulan hangga't hindi kinakatigan ng nakatataas na korte ang kanyang apila, nararapat lamang na manatili ang nahatulan sa kustodiya ng Pilipinas.

Samantala, ipinanawagan ng PKP ang kagyat na pag-aresto kay MSgt. Steve Saunders, isang sundalong Amerikano, na nahuling lumalabag sa *election gun ban* at nambugbog ng isang Pilipino sa General Santos City nitong Enero 19. Gayundin, hinikayat ng PKP si Henry Araneta, isang reporter ng *DZRH*, na kasuhan ng pambubugbog si Saunders.

Ayon sa PKP, pinatampok ng incidenteng ito ang pag-aalipusta ng mga sundalong Amerikano sa mga Pilipino bunga ng katiyakan nilang hindi sila masasaklaw ng mga lokal na batas. Si Saunders ay bahagi ng "humanitarian forces" ng US na nakabase ngayon sa Mindanao. Tulad ng inaasahan, sa kabilang pagkakasala ni Saunders ay nasa kustodiya siya ngayon ng militar ng US.

### *"Iraq...," mula sa pahina 11*

Lalong pinabibilis ng "bagong plano" ni Bush ang pagkakahiwalay ng kanyang rehimeng sa loob at labas ng US. Ang pagdaragdag ng mga dayong tropa at pagpapatindihan ng gera sa Iraq ay hindi na rin sinusuportahan ng Great Britain, ang pinakamalapit na alyado ng re-

himeng Bush sa gera laban sa Iraq.

Sa US, lalo pang lumalawak ang hanay ng mamamayang Amerikano na tutol sa "bagong plano" ni Bush sa Iraq. Sa mga sarbey, umaabot na sa 85% ng mamamayan sa US ang pabor sa pagpapauwi na ang mga tropa nilang nasa Iraq, kundi maa'y sa kagyat ay sa loob ng isang taon. Mariin ang pagtutol ng nakararami

## "Anti-terorismong" kasunduan, pinirmahan sa ASEAN Summit

NILAGDAAN nitong Enero 12 ng 10 lider ng mga myembrog bayan ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) ang ASEAN Convention on Counterterrorism (ACCT) kung saanormal na pumapaloob ang mga bansa sa panrehiyong organisasyon sa mapanupil na balangkas ng "gera laban sa terorismo" ng rehimeng Bush. Ang paglagda sa kasunduan ay bahagi ng mga aktibidad sa ginanap na ASEAN Summit nitong Enero 10-13 sa Cebu City.


Isa ito sa mga adyenda sa ASEAN na masugid na itinulak ng US. Pinakatampok sa kasunduan ang mas mahigpit na kooperasyon ng mga rehimeng ASEAN sa palitan ng datos paniktik, pagmamanman sa mga naglalakbay ditto at paghihigpit sa mga hangganan. Pinadadali rin nito ang proseso ng pagtugis at ekstradisyon ng mga pinaghahinalang terorista. Inaasahan ding itutulak ng mga myembrog bansa ng ASEAN ang kani-kanyang mga mapanupil na batas alinsunod sa pinirmahang "anti-terorismong" kasunduan."

Para maitulak ang pagpipirma sa kasunduan, nagpakana ang rehimeng Arroyo ng sunud-sunod na mga pambomboma sa Mindanao ilang araw bago ang nakatakdang paglagda sa ASEAN Summit. Umabot sa pito katao ang namatay at 40 ang nasugatan sa mga pambombang isinagawa sa mga syudad ng Cotabato, Gen. Santos at Kidapawan noong Enero 10.

Ang mga pakana nitong pambomboma, na ibinintang ng gubyernong Arroyo sa MILF at Abu Sayyaf, ay dramatikong pahiwatig din ng US at ng papet nitong rehimeng Arroyo sa Senado na ipasa na ang nakasalang ditong "batas kontra-terorismo."

sa Senado at Kongreso sa "bagong plano" ni Bush, di na lamang sa bahagi ng mga Democrat, kundi maging sa bahagi ng mga Republican. Inihahanda na sa Senado ng US ang panukalang mag-oobliga kay Bush na makuha muna ang pa-hintulot ng Kongreso at Senado bago magpadala ng dagdag na tropa saanman sa mundo.

AB



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 2


Enero 21, 2007

www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Labanan at biguin ang Oplan Bantay Laya II

**I**nilunsad ng pasistang rehimen Arroyo sa bungad ng taong ito ang Oplan Bantay Laya (OBL) II matapos mabigo ang naka-raang limang-taong planong pang-operasyon (op-plan) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na wasakin ang armadong kilusan at di armadong mga paglaban ng bayan.



Ang hakbanging ito'y palatandaan ng pagkukumahog ni Arroyo sa harap ng lalong pagkakahiwalay niya sa mamamayan at desperasyong kumapit sa powder. Ang OBL II ay pagpapatuloy at pagpapatindi pa ng OBL I. Bagaman mas maikli, mas matayog ang pangarap ng OBL II.

Layunin nitong bawasan nang kalahati ang pwersa ng Bagong Hukbong Bayaan bago magtagpos ang 2010 at sa gayo'y kamtin umano ang estratehikong tagumpay laban sa armadong rebolusyon.

Sa ilalim ng OBL II, pag-iibayuhin ang sini-mulang todong pananalakay sa ilang piling laranang gerilya ng BHB, pasidhiin ang pagha-hasik ng terorismo laban sa rebolusyonaryong masa at

paiigtingin ang kampanyang pama-maslang at panunupil sa mga aktibista at progresibong organisasyon at partidong ligal.

Sa harap ng pinag-iibayo nitong pasistang pananalasa ng kaway, binalangkas ng Partido bilang sentral na tungkulin ng buong rebolusyonaryong kilusan sa taktikal na panahong ito ang pagpapaigting sa pakikidigmang gerilya, ang pagbabagsak sa papet at pasistang rehimene at higit pang pagpalawak at pagpapalakas sa armadong rebolusyon.

Ang pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya ang pinakamahalagang kagyat na tungkulin sa paglaban at pagbigo sa pasistang terorismo at pananalakay ng papet at pasistang rehimene. Ang mga tagumpay dito ang magpapatampok sa magiging kabiguan ng OBL II. Nakasalalay nang malaki rito ang higit pang pagpapalakas ng mga pwersang gerilya at baseng masa. Kritikal na rekisito rin ito para sa pagpapaigting ng iba't ibang tipo ng mga pakikibakang bayan tungo sa pagbabagsak ng kinimumuhing naghaharing rehimene.

**Mga tampok sa isyung ito...**

Militarisasyon sa Metro Manila, pinatitindi

PAHINA 4

Mga aksyong militar ng BHB sa Northern Samar

PAHINA 7

"Bagong plano" ni Bush sa Iraq

PAHINA 10

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)